



Lugar na Kargahan at mga Basurahan

Ang *Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego* ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

- ! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, alulod, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at makapasok sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa kalsada at mga kanal. **Ang mga tip na ito sa pagpapanatili ng mga basurahan at lugar na kargahan ay makakatulong para panatilihing malinis ang ating mga daanan ng tubig.**

Mga Lugar na Kargahan

- ▢ Ikarga at ibaba ang mga materyal sa mga itinakdang lugar.
- ▢ Panatilihin ang mga kagamitan sa pagkarga sa maayos na kondisyon at ayusin ang anumang tagas.

Mga Basurahan

- ▢ Ilagay ang lahat ng mga lugar kung saan hinahawakan, itinatago, at itinatapon ang mga basura nang malayo sa mga kanal o anyong tubig.
- ▢ Maayos na markahan ang lahat ng mga lalagyan para sa materyal na irerecycle at gagamiting-muli.
- ▢ Panatilihing may takip ang lahat ng mga lalagyan ng materyal (mga tapunan, basurahan, bin, atbp.) na maaaring i-recycle at gamiting-muli kapag hindi ginagamit upang maiwasan ang tapon at ilegal na pagtatapon.

mas madami pang tip >>>

maaari nating
pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.



Mga Basurahan

- ❑ Gawing regular ang pag-aalis ng laman at pagpapakuha sa mga lalagyan para sa materyal na irerecycle at gagamiting-muli upang maiwasan ang pag-apaw ng mga ito.
 - ❑ Inspeksyunin ang lahat ng mga lugar na taguan at tapunan ng basura kada linggo at walisin ang anumang naipong kalat at maliliit na basura.
 - ❑ Panatilihin sa maayos na kondisyon ang mga basurahan at iba pang lalagyan ng basura.
 - ❑ Gumamit ng mga tuyong paraan ng paglilinis tulad ng pagwawalis, pagpupunas, pagva-vacuum o pagkalaykay para linisin ang mga lalagyang ng basura.
 - ❑ Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Recycling Ordinance Requirements o Mga Hinihingi ng Ordinansa sa Pagrerecycle ng Lalawigan ng San Diego, tumawag sa 877-R1Earth (877-713-2784).
- ⚠️ Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng sistema ng storm drain o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. ***Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.***

salamat sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.